| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **MaTaTaG** *Kindergarten* **Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | | **Petsa:** | |
| | **Pangalan ng Guro:** | DepEdClick | **Lingguhang Bilang** | 8 |
| | **Pangkat:** | | **Markahan** | 3 |
| | | Pagkilala sa ating komunidad | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)** | The learners understand the value of discipline, honesty, respect, friendship, and care and concern. |
| **B. Pamantayang Pagganap (Performance Standard)** | The learners demonstrate proper discipline, honesty, respect, friendship, and care towards other people. |
| **C. Mga Kasanayang Pagkatuto (Learning Competencies)** | ● Show appreciation of one's culture and tradition (K-MB-III-IV-1)<br>● Participate in dialogues or conversations about familiar events; (K-L-III-IV-1)<br>● Identify solutions to a problem based on a local text listened to; K-RL-III-2<br>● Appreciate the natural and physical environment in the country; K-PNE-III-1<br>● Apply basic mathematical operations (formal and non-formal applications) using locally available materials; K-M-III-IV-1<br>● Recognize Philippine coins and bills and their importance; and K-M-III-2<br>● Show respect and concern for our country. K-GMRC-III-1 |
| **D. Mga Layunin (Mga Mensahe)** | ● Nasasabi ang mga pangalan ng mga karaniwang puno at halaman sa paligid.<br>● Natutukoy ang iba't ibang uri ng halaman at puno.<br>● Nakikilala ang mga halaman at puno na nabubuhay sa lupa, tubig at sa hangin.<br>● Natutukoy ang mga tulong na naibibigay ng mga puno, halaman at iba pang bagay na may buhay (living things).<br>● Nasasabi ang ang kaibahan ng puno sa halaman. |
| **E. Nilalaman/Paksa (Content)** | May iba't ibang halaman at puno sa Pilipinas. |

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKOLES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrival Time** (10 minuto) | Batiin ng pinakamatamis na ngiti ang mga bata habang pinapapasok sa silid-aralan.<br>Kapag kumpleto na ang mga bata, sabihin sa kanila na ibaba na ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag- uumpisa ng klase.<br>Pagkatapos ng sampung (10) minuto, kantahin ang “Isa, Dalawa, Tatlo” o iba pang awiting maaaring gamitin habang pinapaupo ang mga bata.<br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities) | | | | |

| | |
|---|---|
| **Meeting Time**<br>(15 minuto) | **Pambansang Awit**<br>**Panalangin Ehersisyo**<br>**Kumustahan** *(Kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o napakinggan nila, current events)*<br>**Balitaan:**<br>*Ating alamin ang petsa, araw, at buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.*<br><br>*Kahapon ay (e.g., Linggo)*<br>*Ngayon ay ___________*<br>*Bukas ay __________*<br>*Ang petsa ngayon ay ika _ ng ____________________ taong _______.*<br><br>*Lalaki _________ Babae________ Total ng mga bilang ng bata__________*<br>*Tingnan ang inyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae. (Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki). Ilan ang mga lalaki? Kung ganoon, ilan lahat ang mga babae at lalaki?*<br>*Bilangin natin. Isulat sa patlang ang sagot.*<br>*Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)*<br>*Balik-aral: Ating pagbalik-aralan ang mga pinag-usapan natin sa klase noong nakaraang linggo/kahapon. (Tanungin ang mga bata tungkol sa mga mensahe na pinag-usapan sa klase bago ipakilala ang mga gawain sa kasalukuyang araw.)*<br>(Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba't ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.)<br>(Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang Photo Chat Activities upang makita ang iba't ibang pamamaraan ng paggamit na makakatulong sa paglago sa pagkatuto ng mga mag-aaral.) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Picture Chat WS<br>1<br>Ano Ang Nawawala? | | Picture Chat WS<br>2<br>Hanapin at Kulayan | | Picture Chat WS<br>3<br>Ang Kawayan |
| **Mga Mensahe** | Maraming mga halaman at puno sa ating paligid. | | | | |






| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Katanungan** | Ano ang mga halaman o punongkahoy na nasa inyong bakuran? Sabihin mo nga ang kanilang pangalan?<br>Alam mo ba ang iba't-ibang uri ng mga halaman?<br><br>Anong mga halaman ang tumutubo sa "puno"ng puno? Ang ugat nila ay kumakapit rito. | Magpakita ng halaman at itanong ang sumusunod:<br><br>Ano ang iba't ibang bahagi ng halaman?<br><br>Paano nakakatulong ang mga bahaging ito sa paglaki ng halaman:<br><br>Dahon<br>"Puno" at mga sanga Ugat Bulaklak<br>Prutas/Buto. | Ipakita ang pangungusap sa pisara.<br>"Lahat ng puno ay halaman, ngunit hindi lahat ng halaman ay puno."<br>Totoo kaya ito? Ano kaya ang pagkakaiba ng mga halaman sa mga puno?<br>Magkaiba ba ang taas at laki ng puno sa halaman? Paano?<br>May pagkakaiba ba ang "Puno" (trunk) ng puno kung ihahambing sa puno (stem) ng halaman?<br>Aling halaman ang mas matagal ang buhay? Ang puno ba o ang halaman.<br>Alin sa dalawa ang mabilis ang pag lago? Ano ang kaibahan ng puno sa halaman<br>batay sa lapit/layo ng tubo nito sa lupa? | Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang puno o kaya ipakita ang puno mismo kung mayroon sa bakuran ng paaralan.<br><br>Paano makikilala ang isang puno? (Makikilala sila sa tulong ng kanilang dahon, sanga ugat, bulaklak, buto o prutas.)<br>Paano ang pagkakapareho/pagka kaiba ng mga puno ayon sa:<br>Dahon<br>"Puno" at mga sanga Ugat Bulaklak Prutas/Buto<br>ng mga ito? | Sa tulong ng mga larawan ng puno at halaman na nasa slides, anong mga halaman at puno ang maaring tumubo at mabuhay sa tubig?<br><br>Maaari mo bang ilarawan ang puno ng bakawan?<br><br>Paano naiiba ang mga ugat nito sa ibang mga puno?<br><br>Bakit kaya mahalaga ang mga puno at halaman na nabubuhay sa tubig?<br><br>Ano ang naitutulong nito sa mga hayop sa tubig nakatira? |
| | | | Alin ang mas malalim ang tubo ng ugat sa lupa, puno o halaman?<br>Bakit mo naisip ito | | |

<table>
<tr><td>Work Period 1<br>(45 minuto)</td><td colspan="5">Awitin natin ang Kaibigang Libro.</td></tr>
<tr><td></td>
<td>Gawain:<br>Photo Chat (gamitin ang larawan sa Appendiks) o pumunta sa hardin ng paaralan o gamitinn ang video ng halamanan hango sa Youtube.<br><br>Talakayan:<br>Paano mo ilaIarawan ang mga halaman?<br><br>Ano kaya ang uri ng mga halaman na inyong mga nakita?<br><br>May nakita ba o alam kayong mga halaman na tumutubo sa tabi ng mga ilog o mismong sa tubig nabubuhay?<br><br>Word Web</td>
<td>Kuwento:<br>Si Pagong at Si Matsing (Akda ni Jose P. Rizal, Muling Pagsasalaysay ni Virgilio Almario, Guhit ni Hubert Fucio Adarna House)<br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto sa kuwento:<br>kakahuyan<br>nalanta<br>tatadtarin Pagganyak na Tanong:<br>Paano kaya lumalaki at nabubuhay ang mga puno at mga halaman?<br>Pangganyak na Tanong:<br>Kaninong bahagi ng punong pinaghatian ang tumubo at nabuhay muli?<br>Paano nangyari ito?</td>
<td>Gawain:<br>Plant Observation<br><br>Paganyak na Tanong:<br>Mayroon bang pagkakaiba ang mga puno at halaman?<br>Pangganyak na Tanong?<br>Ano ang mga pangunahing pagkakaiba ng puno sa halaman?<br>Madidetalye mo ba ang mga pagkakaiba ng mga ito?<br>Talakayan: Gamitin ang talahanayan ng paghahambing at sagutin ang mga katanungan ukol sa paksa at gawain.<br>Sumangguni sa Mga Gawaing Kaugnay ng Tema sa Apendiks.<br><br>Plant Drawing</td>
<td>Kuwento:<br>Ang Punong Kawayan (Akda Ni Francisco “Soc” A. Rodrigo Guhit Ni: (Illustrator ng Team)<br>Ipaliwanag ang mahihirap na salita/ konsepto sa kuwento:<br>mayabong ang mga dahon<br>hitik sa bunga<br>mababang-loob<br>nasalanta<br>Paganyak na Tanong:<br>Anong mga puno ang alam mo?<br>Anong katangian ng mga punong ito?<br>Pangganyak na Tanong<br>Ano kaya ang ipinagmamalaki ng mga puno ng santol, mangga, caballero at niyog sa kuwento?<br>Aling puno ang naiiba? Bakit?</td>
<td>Kuwento:<br>Bakawan (Akda ni: Rose Ann H. Estavillo, Guhit ni: Cristine Mae T. Navo, USAID-ABC+<br>Ipaliwanag ang mahihirap na salita/ konsepto sa kuwento:<br>suba<br>uling<br>dalampasigan<br>Paganyak na Tanong:<br>May mga halaman at puno bang tumutubo sa tubig?<br><br>Pangganyak na Tanong<br>Paano naiiba ang bakawan sa ibang mga puno?<br>Paano naman sila magkahawig?<br><br>Talakayan:<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye ng kuwento.</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ***Talakayan:***<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye ng kuwento.<br>Ano nga ang pamagat ng ating kuwento?<br>Sino ang mga tauhan dito?<br>Ano ang pinaghatian nina matsing at pagong na nakita nilang lumulutang sa ilog?<br>Anong uri ng halaman ito?<br>Paano nila pinaghatian ang nakita?<br>Anong bahagi ng puno ang napunta kay pagong? Kay matsing? Kanino ang bahagi ang tumubo at lumago?<br>Bakit?<br>Bakit si matsing ang umakyat sa puno?<br>Bakit nagalit si pagong kay matsing? Kung ikaw si pagong, ano ang iyong gagawin?<br>llarawan ang ugali ni matsing at pagong.<br><br>Pagkakasunod-sunod ng Kuwento | | ***Talakayan:***<br>Balikan at pag-usapan ang mga detalye ng kwento.<br><br>Alam niyo ba kung ano-ano ang mga uri ng puno?<br><br>Anong mga puno ang nasa hardin?<br><br>Kaya mo bang ilarawan ang bawat puno: santol, mangga, cabalyero, at niyog?<br><br>Anong halaman ang naiiba? Bakit?<br><br>Punuin ang Talahanayan | Sagutin ang mga katanungan ukol sa halamang ito.<br><br>Ano pang ibang halaman ang tumutubo sa tubig, ilog o karagatan?<br><br>Photo Chat ng “Pagtatanim ng Puno ng Bakawan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Teacher Supervised Activity** | ***Marungko: Titik Dd*** Pagpapakilala ng tunog Pagpapakita ng hugis ng bibig upang magawa ang tunog Pagpapakilala ng titik Pagsulat ng hugis ng titik sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp.<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheets 4-5 | ***Marungko: Titik Dd*** Pagpapakilala ng tunog Pagpapakita ng hugis ng bibig upang magawa ang tunog Pagpapakilala ng titik Pagsulat ng hugis ng titik sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp.<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheets 4-5 | ***Marungko: Titik Dd*** Pagpapakilala ng tunog Pagpapakita ng hugis ng bibig upang magawa ang tunog Pagpapakilala ng titik Pagsulat ng hugis ng titik sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp.<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheet 6 | ***Marungko: Titik Dd*** Pagpapakilala ng tunog Pagpapakita ng hugis ng bibig upang magawa ang tunog Pagpapakilala ng titik Pagsulat ng hugis ng titik sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp.<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheet 7 | ***Marungko: Titik Dd*** Pagpapakilala ng tunog Pagpapakita ng hugis ng bibig upang magawa ang tunog Pagpapakilala ng titik Pagsulat ng hugis ng titik sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp.<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheet 8 |
| **Supervised Recess** (15 minuto | *Mga bata, sampung (10) minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay-sabay, 1, 2, 3, 4, 5.* (Puwede ring hanggang 10 o 20 kung kailangan.)<br>*Tawagin natin si ________________, ang ating tagapanalangin o prayer leader* (ayon sa Job Chart*). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating meryenda.*<br><br>*Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. (*Pagkahugas ng kamay, kakainin na ng mga bata ang kanilang baon).<br>Kapag kumakain na ang mga bata, maaaring sabihin ng guro: *Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa inyong mga kaklase. Ano ang lasa, kulay, o hugis ng inyong pagkain? Sino ang nakaupo sa harap mo? Sa kaliwa? Sa kanan?* At iba pa. Pagkatapos kumain, maghuhugas muli ng kamay at magsisipilyo ang mga bata. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at mga ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaari ding magpalit ng damit kung kinakailangan. Magpapahinga na ang mga natapos. | | | | |
| **Quiet / Nap Time** (10 minuto) | Iparinig nang mahina ang rekorded na awiting 'Ang Munting Bituin' habang nagpapahinga ang mga bata. Maaari ring mag parinig ng mga malumanay na mga tugtugin na pang hele. | | | | |
| **Work Period 2** (40 minuto) | *Tapos na ang sampung (10) minuto, muli tayong maghahanda para sa iba pang masasayang gawain. Kakantahin muli natin ang 'Masaya kung Sama-Sama.' (Sumangguni sa Apendiks para sa kopya ng awitin) Maaari gumamit ng ibang mga awitin na naituro at alam ng mga bata.* | | | | |

| | |
|---|---|
| | **Magbilang Tayo**<br>Ang mga aktibidad na ito ay tumutulong sa mga bata na maintindihan ang kahulugan at kabuoan ng mga bilang 11 hanggang 20 sa paggamit ng mga pamilang. Ipagamit sa mga bata ang 20 pamilang (counters) mula sa kanilang set |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pagbilang ng 1 hanggang 100 (rote counting)<br><br>Pagbibilang ng Tag dalawa<br><br>Maaaring gamitin ang mga pamilang upang maka buo ng tag dalawa.<br><br>Ito ang skip counting by 2. | Ten Frames Base 10 Hal.<br><br>Gamitin ang dalawang base 10 frames para gawin ang mga bilang 11-20<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheet 9 | Tally<br><br>Gamitin ang mga pamilang upang bumuo ng grupo ng tag lima at isulat sa pisara ang paraan ng pagbilang ng pag tally p nakabuo ng lima.<br><br>Magandng paraan upang matuto ng skip counting b 5's Sumangguni sa KLAS Activity Sheet 11 | Comparing More or Less<br>Gamit ang 10 frames<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheet 10 | Isulat, Tally, Ipakita<br><br>Sumangguni sa KLAS Activity Sheet 12 |
| | *May mga inihandang gawain sa bawat grupo na maaaring ipagawa kapag natapos na ang mga bata sa mga gawain para sa araw.*<br>*Maaaring ang lider ng bawat grupo ang kumuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ako sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin.*<br>*Early Language, Literacy, and Numeracy Activities:*<br><br>Iba Pang mga Gawain: | | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | • Alin Ang Mas Marami?<br>• Counting fingers by i's, 2's, 5's \,10's<br>• Paper plate and paper clip skip counting by 2s and 5s<br>• Letter Stringing | ○ Iguhit ang paboritong Bahagi ng kwento "Si Pagong at Si Matsing"<br>• Pechay Experiment<br>• Iguhit ang paboritong bahagi ng kwento "Ang Punong Kawayan<br>• Bakatin ang Dahon<br>• Titik Dd Guessing Game |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Indoor/ Outdoor Play** (35 minuto) | *Bibilang ako ng isa hanggang sampu para tapusin na ang inyong ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit. (Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras tapusin at iligpit ng mga bata ang mga ginamit.)*<br><br>*Kung kulang pa… Uulitin ko ang pagbilang ng isa hanggang sampu. Dapat malinis at maayos na ang lahat.*<br>*Handa na ba kayong maglaro? (Kung ang gawain ay sa labas ng silid-aralan, sumangguni sa Apendiks sa pamamaraan ng pagpapapila ng mga bata.)* | | | | |
| | Skip Counting by 10s | Kaya mo Ba Gawin Ito? | Kanan O Kaliwa | Magtanim ay 'di Biro Tradisyunal na awit at sayaw | Kanan O Kaliwa |
| | *Pagkatapos ng sampung (10) minuto, ibabalik na natin ang mga ginamit sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam.*<br><br>*(Kapag tapos na ang sampung (10) minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo. Maaari ding kantahin ang "Isa, Dalawa, Tatlo"* | | | | |
| **Wrap-Up Time (mensahe) & Dismissal** (10 minuto) | *Marami tayong ginawa ngayong araw. Magbabanggit ako ng ilan at itaas ang kamay kung ano ang pinakanagustuhan ninyo* | | | | |
| | Magbgay nga kayo ng uri ng halaman na pinagusapan at na pag-aralan natin ngayong araw. | Ano ang pinaka gusto ninyong bahagi sa kwento ni pagong at matsing?<br><br>Isa-isahin ang tulong na ibinibigay ng iba't-ibang bahagi ng halaman. | Ano ang pagkakaiba ng ibang halaman sa puno? | Bakit naiiba ang kawayan sa ibang puno at halaman? | Bakt mahalaga ang mga halaman na itinatanim at tumutubo sa tubig? |
| | *Awitin natin ang kantang (paalam) . Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi.* | | | | |

***Dismissal Routine:*** *Mag-ingat sa pagtawid sa kalye. Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa muli bago tumawid.* (Paalalahanan ang mga bata kung may pulong (*meeting*) ang mga magulang o kung may sulat para sa kanila.)

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng mga gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila masyadong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon o lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata rito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| | | |
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**

**Photo Chat**



**Word Web**


Layunin: Natutukoy na may limang uri ng halaman.
Ito ay: 1. Herbs (damo), 2. Shrubs (palumpong), 3. Puno, 4. Climber (gumagapang), at 5. Creeper (umaakyat).

Mga Kagamitan: Manila paper o kahit anong malaking papel gaya ng likod ng lumang kalendaryo, marker (pentel pen), mga larawan ng mga karaniwang mga halaman na nakikita at alam ng mga bata. Maari din kumuha sa paligid ng paaralan o komunidad ng halimbawa ng mga halaman na ito. Hangga't maaari huwag putulin ang mga halaman, kundi kuhanin ang mga nalaglag sa lupa.

Bilang ng mga Kasali: Lahat ng bata


Pamamaraan:

1. Ipakita ang larawan sa photo chat at tanungin kung anong mga halaman ang nakikilala nila.
2. Tanggapin ang mga sagot ng mga bata na wala sa larawan.
3. Isulat ang sagot sa tamang hanay kung saan nabibilang ang halamang nabanggit.
4. Ang mga puno ay maaring hatiin sa may mga punong namumunga at hindi namumunga.
5. Hayaan ang mga bata na tumuklas kung paano pinagsama-sama ang mga binigkas na mga halaman.




Gamitin ang pamamaraang siyentipiko sa paggawa ng eksperimento. Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang Sciencing in Early Childhood.

**Pagkakasunod-sunod ng Kuwento**




Layunin: Nakapagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong nabasa o narinig;
Nakapag-iisip nang kritikal sa tulong ng mga larawan o grapiko

Mga Kagamitan: printout base sa mga pangyayari sa kwento, graphic story sequence nakasulat sa Manila Paper o pisara, paste, gunting

Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata

Paghahanda ng Guro: Isulat sa pisara o Manila paper ang graphic story sequence o ang pitong mahahalagang pangyayari sa kwento.

Pamamaraan:

1. Ipakita sa mga bata ang mga larawan na gagamitin sa gawain. Ipaliwanag din ang direksiyon ng mga palaso (arrows) at ang ibig sabihin nito.
2. Ipakita sa mga bata ang mga pahina ng kwento o ang mga (pina photocopy ng mas malaking mga pahina) larawan at hayaan ang mga bata magkuwento ng mga kaganapan base rito.
3. Pagkatapos ng pagbabalik-aral sa kuwento, tatawag ang guro ng mga bata na maaaring mag ayos ng mga mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod nito.
4. Ang guro ang mag didikit ng mga larawan sa tamang espasyo. Ipaskel ang graphic story sequence upang magamit ito ng mga bata sa muling pagsasalaysay ng kuwento.

**Paghahambing ng Puno at Halaman**


Layunin: Matututunan ang kakayahang pag-uri-uriin at pag-uuri
Matututulungan ang mga mag-aaral na mag-isip at tumuon sa mahahalagang detalye Lilinawin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kaugnay na bagay/pangyayari/konsepto
Itataguyod ang pagbuo ng mga kasanayan sa organisasyon (sa pamamagitan ng pagbibigay ng istraktura para sa pag-aayos ng mga kaisipan at ideya)

Mga Kagamitan: Graphic organizer table

Bilang ng kasali: Lahat ng bata Pamamaraan:

Tanungin ang mga bata ng mga sumusunod:

- Ano ang mga pagkakaiba ng mga halaman at mga puno?
- Paanong paraan magkaiba ang taas at laki ng puno sa halaman?
- May pagkakaiba ba ang "puno" (trunk) ng puno kung ihahambing sa tangkay (stem) ng halaman?
- Aling ang mas matagal ang buhay, ang puno o ang halaman? Bakit?
- Alin sa dalawa ang mabilis ang paglago?
- Ano ang kaibahan ng puno sa halaman base sa lapit/layo ng pagtubo nito sa lupa?
- Paano magkaiba ang lawak at lalim ng pagtubo ng ugat ng dalawa?



**Paghahambing ng Iba't ibang Puno**

Layunin: Napaghahambing ang iba't ibang puno ayon sa mga bahagi nito

Naiuugnay ang dating kaalaman at karanasan sa bagong impormasyon o ideya. Matututunan ang kakayahang umuri ng mga bagay-bagay ayon sa

Natutukoy ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kaugnay na bagay/pangyayari/konsepto Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata

Mga Kagamitan: Manila paper, 4 na ibat-ibang kulay ng pentel

Paghahanda ng Guro: Isulat sa Manila Paper ang Pamamaraan:

1. Punan ang mga kinakailangang detalye at paglalarawan ng mga punong inilalarawan sa kuwento.
2. Iugnay sa mga katangian ng tao (na ginamit sa kwento) ang pag uugali ng mga puno at kung paano nila pakitunguhan ang kawayan.

Tala sa guro: Ihanda sa isa o mas higit pang Manila Paper o kahit anong malaking papel para sa talahanayan tulad nito.

| | Puno ng Santol | Puno ng Mangga | Puno ng Kabalyero | Puno ng Niyog | Kawayan |
|---|---|---|---|---|---|
| Dahon | | | | | Mahabang patulis |
| Puno ng Kahoy | | | | | |
| Sanga | | | | | |
| Bulaklak | | | | | |
| Ugat | | | | | |
| Prutas | | | Walang prutas na makakain. | | |

**Ang Punong Kawayan** Ni: Francisco" Soc" Aldana Rodrigo

Sa isang bakuran, may ilang punungkahoy na may kanya-kanyang katangian.
Mabunga ang Santol, mayabong ang Mangga, mabulaklak ang Kabalyero, tuwid at mabunga ang Niyog. Ngunit sa isang tabi ng bakuran ay naroroon ang payat na Kawayan.
Minsan, nagpaligsahan ang mga punungkahoy. “Tingnan ninyo ako.” wika ni Santol. “Hitik sa bunga kaya mahal ako ng mga bata”. “Daig kita.” wika ni Mangga. “Mayabong ang aking mga dahon at hitik pa sa bunga kaya maraming ibon sa aking mga sanga.” “Higit akong maganda.” wika ni Kabalyero. “Bulaklak ko'y marami at pulang-pula. Kahit malayo, ako ay kitang-kita na.”
“Ako ang tingnan ninyo. Tuwid ang puno, malapad ang mga dahon at mabunga.” wika ni Niyog. ”Tekayo,kaawa-awa naman si Kawayan. Payat na at wala pang bulaklak at bunga. Tingnan ninyo. Wala siyang kakibu-kibo. Lalo na siyang nagmumukhang kaawa-awa.” Nagtawanan ang mga punungkahoy.
Pinagtawanan nila ang Punong Kawayan. Nagalit si Hangin sa narinig na usapan ng mga punungkahoy.
Pinalakas niya nang pinalakas ang kanyang pag-ihip. At isang oras niyang pagkagalit ay nalagas ang mga bulaklak, nahulog ang mga bunga at nangabuwal ang puno ng mayayabang na punungkahoy.
Tanging ang mababang-loob na si Kawayan ang sumunud-sunod sa ihip ng malakas na hangin, ang nakatayo at di nasalanta. Tala sa guro: Ang Kawayan ay hindi puno kung di isang uri ng damo.



**“Picture Reading” ng “Puno ng Bakawan”**

Layunin:

Natutukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kwento. Pagbutihin ang pang-unawa.
Magpakita ng pagmamahal sa pagbabasa. Palakasin ang panlipunan-emosyonal na pag-aaral.

Mga Kagamitan: Larawan ng mga puno ng bakawan Bilang ng

Kasali: Lahat ng bata

Tala sa Guro: Humanap ng larawan o retrato na katulad sa nakikita sa aralin na ito

Pamamaraan:

1. Ipakita sa mga bata ang larawan.
2. Bigyan ng pagkakataon mag isip.
3. Maaaring ang guro ang unang magtanong, gamit ang tatlong antas ng pagtatanong. Antas 1 ay nakatuon sa pangangalap at paggunita ng impormasyon.
   Antas 2 ay nakatuon sa pagbibigay kahulugan sa nakalap na impormasyon. Antas 3 ay nakatuon sa paglalapat at pagsusuri ng impormasyon
4. Maaari rin gamitin ang mga sumusunod:
   Halimbawa ng mga tanong:
   “Äno ang ginagawa ng mga tao sa larawan? “Äno ang tinatanim nila?
   “Saan sila nagtatanim? “Bakit kaya sila nagtatanim?
   “Mahalaga ba ang kanilang ginagawa? Bakit?



**Observation Walk**

Layunin: Makapagmasid gamit ang sariling pandama.
Mapapasigla ang pagpapahalaga ng bata sa kalikasan.
Madadagan ang mga kasanayan sa pagmamasid at mga kasanayan sa pagpapalawak ng bokabularyo. Makapagkuwento ng karanasan.
Makaguguhit ang mga nakita.

Mga Kagamitan: papel, lapis, clipboard (opsyonal)

(Tala sa guro: Kung may clipboard para sa bawa’t bata, maaring itali ang lapis sa clipboard. Bigyan ng sapat na haba ang tali upang makapag sulat at drowing ang bata. Ipitan ng papel ang clipboard.)

Bilang ng Kasali: buong klase Mga

Pamamaraan:

1. Ipaalala ang mga tuntunin sa gagawing aktibidad.

2. Magtalaga ng mga pangkat at hayaang pumili ng halaman na kanilang pag-aaralan. Hinihikayat ang guro na magtanong upang matuon ang kanilang atensyon sa mga bahagi ng halaman. (Halimbawa: laki, hugis at dami ng dahoon, taas ng halaman, pagmasdan ag mga ugat kung nakikita, kung may bulaklak/prutas, tangkay ng halaman o sanga ng puno ng kahoy.
3. Papilahin ang mga bata ng dalawahan upang magmasid at kilalanin ang mga pangalan ng mga halaman na makikita sa hardin/paligid ng paaralan na may mga tanim at mga puno. (Kung may clipboard maari humimpil sandali, upang mailarawan ng mga bata ang kanilang tinitingnan/ inoobserbahan na halaman. Kung wala naman maaring sa silid-aralan na lamang mag drowing.)
4. Pagbalik sa silid bigyan ng pagkakataon ang mga bata na iguhit ang kanilang napiling halaman.
5. Bigyan ng panahon na maipakita ng ilang bata ang kanilang drowing at ikwento ang kanilang natutuhan ukol sa halaman. <u>Bariyasyon ng Aktibidad</u>

Pag-aaral ng Halaman:

1. Pumili ng malapit na puno o halaman para obserbahan ng klase. Dalhin ito sa loob ng silid-aralan.
2. Magbigay ng papel at mga kagamitan sa pagsulat para maitala ng mga bata ang kanilang mga obserbasyon sa pamamagitan ng pagguhit at/o pagsulat.
3. Hikayatin ang mga bata na obserbahang mabuti ang halaman/puno at mapansin ang mga pagkakaiba nito habang lumilipas ang mga araw.

Bilang ng Halaman:

1. Anyayahan ang mga bata na itala ang bilang ng mga halaman na makikita nila sa paglalakad o panlabas na espasyo.
2. Kung gusto ng mga bata, maaari rin silang gumuhit ng mga larawan o isulat ang mga pangalan ng mga halaman. (Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang Early Writing Stage ng mga bata na napaloob sa Emergent Literacy.)
3. Maaari ring gumawa ng mapa ng mga halamanan at iguhit ang mga uri at ayos ng mga ito. Maglakad sa komunidad:

1. Hikayatin ang mga bata na tandaan kung anong mga halaman ang kanilang nakikita sa paglalakad.
2. I-highlight ang anumang mga halaman na nakikita mo na nasa listahan din ng bokabularyo tulad ng evergreen, bush, bulaklak at damo.
3. Isaalang-alang ang pag-imbita sa mga bata na magdala ng clipboard, papel at kagamitan sa pagsusulat sa paglalakad upang maitala ang kanilang mga obserbasyon.
4. Kapag bumalik na sa silid-aralan, hikayatin ang mga bata na sumangguni sa kanilang mga tala at sumulat o gumuhit tungkol sa paglalakad at mga halaman na kanilang nakita.


<u>**Saan Dumadaan Ang Tubig sa Halaman? (Eksperiment)**</u>

Layunin: Matukoy kung paano dumadaloy ang tubig sa isang halaman gaya ng pechay.
Makabuo ng paliwanag o hypothesis sa ginawang simpleng experimento

Mga Kagamitan: isang dahon ng pechay o kintsay na may tangkay, bote, food color (asul o pula), Manila paper o malaking papel, pentel pen

Bilang ng kasali: Lahat ng bata

Pamamaraan:





1. Bago gawin ang eksperiment sabihin sa mga bata kung ano ang gagawin.
2. Tanungin ang mga bata kung ano sa palagay nila ang mangyayari sa pechay. Isulat ang kanilang mga sagot.
3. Maglagay ng tubig sa baso.
4. Magdagdag ng apat na patak ng food color.
5. Ilagay ang pechay o kintsay sa bote. Panatilihing magdamag.
6. Kinabukasan, pag usapan ang nangyari sa pechay o kintsay.
7. Mga maaring tanong sa bata: ano ang nangyari? Bakit nagkaganon? Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang meron sa pechay o kintsay para magkaganon ito? Meron ba kayong alam na parang ganito din ang ginagawa? Kung ibang tanim kaya ang ating ilagay ganon din kaya ang kalalabasan? Bakit mo nasabi yan?

**<u>Leaf Rubbing:</u>**

Layunin:

Nakabubuo ng sininig gamit ang iba't ibang hugis ng dahoon at krayola

Nagpapakita ng koordinasyon ng mata-kamay at pinong mga kasanayan sa motor na kailangan upang manipulahin ang mga bagay



Mga Kagamitan: Dahon, Bond paper, karayola/watercolor paint

(Tala sa guro: hikayatin ang mga bata na pumulot ng mga iba't ibang dahon sa paaralan imbis na pumitas mula sa mga halaman.)

Bilang ng kasali: 4-5 bata Pamamaraan.

1. Magbigay ng iba't ibang hugis at laki ng mga dahon at krayola para magamit ng mga bata paglikha ng mga paghuhugis ng dahon.
2. Maaaring gamitin ang mga luma at putol na krayola o water color paint (kung may ganitong gamit) sa gawaing ito.
3. Ilagay ang mga dahon sa ilalim ng isang bond paper at anyayahan ang mga bata na kuskusin ang gilid ng krayola sa ibabaw ng papel at bantayan ang hugis ng lumabas ang dahon.
4. Hikayatin ang mga bata na magpatuloy hanggang sa makita ang buong dahon.
5. Ayusin ang mga dahoon ayon sa laki, hugis at kung ano ang itsura nito.

**<u>Titik Dd Guessing Game</u>**

Layunin: Natutukoy ang tunog ng titik Dd.

Natutukoy ang tunog ng mga titik sa alpabeto

Mga Kagamitan: Supot o mallit na bag, mga larawan na nagsisimula sa titik Dd Paghahanda:

Humanap ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa titik Dd.

(Tala sa guro: Sa halip na larawan maari din gamitin ang aktual na bagay mula sa talahanayan.) Maaring gamitin yung nasa listahan. Ilagay sa isang supot o kahon.

Pamamaraan:

1. Ang guro ang magpapahula. Bubunot siya ng isang card at magbibigay siya ng tatlong katangian ng bagay sa larawan.
2. Maglalaban-laban ang mga bata sa bawat mesa.
3. Tatawag ng kinatawan sa bawat mesa at unahan mahulaan ang bagay base sa clue na sasabihin ng guro.
4. Kung mahulaan sa unang clue -5 puntos.
5. Kung mahulaan sa pangalawang clue – 3 puntos.
6. Kung mahulaan sa ikatlong clue – 1 punto lamang.
7. Isulat ang salita sa blackboard at idikit ang larawan sa tabi nito.
8. Pagkatapos ng laro, tanungin ang mga bata kung ano ang napapansin nila sa mga salita.
9. Bigkasin isa-isa ang mga bagay na nagsisimula sa titik Bb. Bigyan ng diin ang tunog ng titik.
10. Tanungin ang mga bata kung may naiisip pa silang mga bagay na nagsisimula sa parehong titik.

| **Mga Bagay Na Nagsisimula sa Dd** | |
|---|---|
| 1.dahon | 11.dyaryo |
| 2.damit | 12.drayber |
| 3.damo | 13.dalaga |
| 4.doktor | 14.dilaw |
| 5.dalawa | 15.domino |
| 6.daliri | 16.duyan |
| 7.daga | 17.dugo |
| 8.dagat | 18.durian |
| 9.dalandan | 19.dentista |
| 10.dila | 20.desk |

Bariyasyon ng Laro:

Pagbabalik-aral sa mga titik na natalakay na sa mga nakaraang mga araw. Ulitin ang laro gamit ang mga larawan na nagsisimula sa mga sumusunod na titik: Ll, Yy, Nn, Gg, NGng, Pp, Rr, Dd). Maaring ipaghalo ang mga larawan ng nasabing mga titik. Bigyang diin ang mga tunog ng mga titik na nabanggit.

**<u>Letter Name and Sound Flashcards</u>**

Layunin: Nakapagbibigay ng mga bagay na nagsisimula sa tiyak na titik ng alpabeto.

Nabibigyang-ngalan ang mga karaniwang bagay sa paligid (paaralan, tahanan, at komunidad) at

Mga Kagamitan: Letter Cards ng Mm, Ss, Aa, Ii, Oo, Bb, Ee, Uu, Tt, Kk, Ll, Yy, Nn, Gg, NGng, Pp, Rr, flashcards ng pantulong na salita: ang, mga, si

Pamamaraan:


1. Tutukuyin ng mga mag-aaral ang mga titik at tunog ng mga ito.
2. Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga bagay sa loob ng silid-aralan na nagsisimula sa tunog ng mga titik at ipalagay ang mga ito sa ibabaw ng mga karampatang titik.
3. Balik-aralan ang pagsasama ng ma tunog upang makabuo ng makabuluhang salita.
4. Ipakita sa mag-aaral ang mga nabuong salita.
5. Upang gawin ito nang mas masaya, hilingin sa mga mag-aaral na ulitin ang salita sa mataas na boses kung hahawakan mo ang card nang mataas, sa mahinang boses kung hawak mo ang card nang mahina, sa tahimik na boses kung hawak mo ang card malapit sa iyong katawan, at sa malakas na boses kung ihaharap mo nang malapit sa kanila ang card.

Bariyasyon:

Maglaro ng mga flashcard. Halimbawa, maaari kang humawak ng isang piraso ng card sa harap ng flashcard at dahan- dahang ihayag ito. Dapat hulaan ng mga mag-aaral kung ano ito habang inilalahad.

Bilang kahalili, maglaro ng memory o concentration game. Idikit ang mga card sa pisara. Isa-isa, ipakita sa kanila at ang mga mag- aaral ay nagsasabi ng salita. Kapag naibalik na ang lahat ng card, maaari naaalala nila kung aling card ang nasaan?

**Letter Stringing**




Layunin: Natutukoy ang mga pangalan ng mga titik ng alpabeto.
Natutukoy ang mga tunog ng mga titik. Mga gagagmitin: mga string (tali ng sapatos, yarn) Bilang ng kasali: 5-6 na bata

Pamamaraan:

1. Gamit ang mga tali tuhugin ang mga titik na pinapadaan ang mga tali sa straw na nakapalibot sa titik.
2. Ihanay ang mga nagawang mga titik at isa-isang sabihin ang tunog nito.

**Pagbilang ng mga Daliri**

Layunin: Natututo magbilang ng tag-isa, tag dalawa, tag lima at tag, sampu. Mga gagamitin:
Daliri ng mga bata
Bilang ng mga kasali: mga bata sa isang mesa, papel kung saan ililista ang bilang Pamamaraan:

1. Ilalagay ang mga kamay sa mesa at may isang taga bilang.
2. Bilangin muna ng tag-isa ang mga daliri. Ilan lahat? Ilista ang bilang sapapel.
3. Tapos bilangin ang mga daliri ng tigalawa. Ilista ang bilang ng tag dadalawa.
4. Uluin ang gawain sa pagbilang ng tag-lilima at tag sampu.
5. Pagusapan ang resulta ng mga binilang.

**Alin ang mas marami?**

Layunin: Natutukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga bilang.

Nakikilala ang mga set na gumagamit ng dalawang sampung frame, tuldok, at tally mark para sa mga bilang 11-20 o mas mataas pa.

Nakikilala ang mga bilang 11-20 o mas mataas pa.

Mga Kagamitan: Cards na tulad ng nasa larawan. Ituon ang mga bilang sa mga napag aralan na o mas higit pa. Bilang ng mga Kasali: Lahat ng bata o depende sa dami ng cards na kayang gawin at padamihin.

Paghahanda ng Guro: Gumawa o mag download ng mga pattern cards tulad ng naka larawan. Pamamaraan:

1. Hatiin ang mga card nang pantay-pantay sa pagitan ng mga manlalaro.
2. Panatilihing nakaharap ang mga card sa isang stack sa harap ng bawat isa.
3. Gamitin ang mga card na pamilang sa palabunutan. Ang may pinakamataas na bilang ang mauuna.
4. Bibigkasin ang bilang sa hawak na card "Mayroon akong ______________. Sino ang may _______.
5. Ang may hawak ng card na hinahanap ang susunod na manlalaro.
6. Ipagpatuloy ang paglalaro hanggang magamit ang lahat ng cards.

**B. Mga Laro sa Loob at Labas ng Silid-Aralan**

**Skip counting by 10s**

Layunin: Nakasusunod sa pagbibilang ng laktawan nang pasampu.

Nakapagbibilang nang pasulong at paatras at nang laktawan ng sampu.

Mga Kagamitan: Iba't-ibang kulay ng kartolina, tape, marker (pentel pen) Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:


1. Gumipit ng sampung cartolina na sing laki ng bond paper.
2. Isulat ang mga bilang laktawan pagbibilang simula 10 hanggang 100. I-tape ito sa sahig ng tamang pagkakasunod-sunod.
3. Tumalon sa bawat bilang at bigkasin ang laktawan ng pagbibilang ng sampu (10) sa paglabas/pagpasok ng silid.

**Kaya Mo Ba Gawin Ito?**

Layunin: Nakasusunod ng mga galaw ng mga nasa larawan

Mga Kagamitan: cards ng iba't ibang posisyon ng mga kamay at paa sa pagtindig Bilang ng kasali: Lahat ng bata

Bago maglaro: Gayahin ang ibat-ibang paraan ng tindig at posisyon ng katawan na nasa larawan.



Pamamaraan:

1. Ayusin ang mga upuan ng paikot na ang inuupuan ay nakahahap sa gitna.
2. Lagyan ng kaunting distansiya ang mga upuan.
3. Idikit ang mga cards sa likod ng upuan.
4. May batang tatayo sa tapat ng bawat upuan.
5. Ang lahat ay papalakpak ng limang beses at habang ginagawa ito ay umiikot sila sa mga upuan.
6. Kung saang upuan sila huminto sa ikalimang palakpak ay gagayahin nila ang tindig (pose) ng nasa larawan.


**<u>Kanan O Kaliwa</u>**


Layunin: Nakikilala at Nakasusunod sa direksyong pakaliwa't pakanan.
Nagagamit ang tamang koordinasyon at kasanayang panglokomotor sa paglalaro. Naisasagawa nang maayos ang paglalaro, manalo o matalo man ang sariling koponan.

Mga Kagamitan: Binakas na mga kamay at paa Bilang ng
kasali: Lahat ng bata

Tala sa Guro: Gumawa ng dalawang hanay ng pattern tulad ng nakalarawan. Pamamaraan:

1. Ilatag sa sahig ang pattern ng mga binakat na paa at kamay.
2. Tapakan at ilapat ang karampatang kamay at paa sa tamang bakas hanggang makarating sa dulo.
3. Ang magkamali ng paglapat ay maaalis sa laro.
4. Hatiin ang mga bata sa dalawang grupo.
5. Ang grupo na mas marami ang natira ang panalo.





**<u>Magtanim ay "Di Biro"</u>**

Layunin: Natutuhan ang sayaw at awit ng "Magtanim ay "Di Biro."

Nalalaman na ang paggalaw ay maaaring maghatid ng mga mensahe at kumakatawan sa mga aksyon. Natutukoy at naisasagawa ang mga pantomimed na aksyon mula sa isang awit.

Bilangng ng kasali: Lahat ng mga bata

Pamamaraan:

1. Pag-usapan at tanungin ang mga bata kung paano magtanim ang mga magsasaka ng mga palay.
2. Hikayatin sila na magbigay ng sariling interpretasyon sa galaw habang pinag-aaralan ang mga awit.
3. Bumuo ng mga hakbang ng sayaw batay sa mga titik ng awit.

**D. Mga Kanta**

| | |
|---|---|
| **Magtanim Ay 'Di Biro**<br><br>Magtanim ay 'di biro<br>Maghapong nakayuko 'Di<br>man lang makaupo 'Di man<br>lang makatayo Braso ko'y<br>namamanhid<br><br>Baywang ko'y nangangawit Binti<br>ko'y namimitig<br>Sa pagkababad sa tubig Sa<br>umagang paggising Ang<br>lahat iisipin<br>Kung saan may patanim May<br>masarap na pagkain | Braso ko'y namamanhid<br>Baywang ko'y nangangawit<br>Binti ko'y namimitig<br>Sa pagkababad sa tubig Halina,<br>halina, mga kaliyag Tayo'y<br>magsipag-unat-unat<br>Magpanibago tayo ng landas<br><br>Para sa araw ng bukas Para sa<br>araw ng bukas |